**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**PHILIPPINE ARTS 150: INTRODUKSIYON SA PAG-AARAL NG KAMANAHANG KULTURAL**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL 7

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Introduksiyon

Ang modyul na ito ay bahagi ng *Yunit IV - Paglulugar sa Kamanahang Kultural bilang Lunan ng Artikulasyon ng Identidad, Gunita, at Pagkabansa* ng silabus. Ngayong natukoy mo na ang mga kritikal na usapin sa kamanahang kultural, matutunan mo sa modyul na ito kung paano hinaharap ng mga ahente ng kamanahang kultural ang mga usaping ito. At ang bawat pagharap ay may kaakibat na representasyon ng idea ng pagkabansa sa kamanahang kultural.

Sa modyul na ito, nasasalat na kamanahang kultural naman ang bibigyang pansin. Partikular na halimbawa nito ang tinatawag na Built Heritage. Dahil matatagpuan sa iba't ibang bayan at probinsya, nakalagay ang pangunahing layunin ng preserbasyon sa kamay ng lokal na pamahalaan. Ngunit ang pagtatagumpay ng anumang proyekto sa preserbasyon ay kinapapalooban ng pagtutulong-tulong ng pamahalaan at ng iba pang sektor panlipunan.

Matutunan mo ang pagsasagawa ng proyektong may kaugnayan at malaking ambag sa pagsusulong ng kamanahang kultural sa bansa. Isang lokal na inisyatibo, ang mga local studies center ay mahalagang bahagi ng isang komunidad.

Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Linggo 11-13, inaasahan na ikaw ay:

1. Makapaglarawan ng mga programa tungo sa preserbasyon ng nasasalat na kamanahang kultural;
2. Makasuri sa estratehiyang ginamit sa preserbasyon ng nasasalat na kamanahang kultural, partikular sa built heritage;
3. Makapaglahad ng konsepto, balangkas, at kahalagahan ng isang local studies center;

4. Makasuri ng mga katangian at kalagayan ng isang local studies center sa Pilipinas;

Pagkilos tungo sa Preserbasyon at/o Konserbasyon

Ang pangangalaga sa mga anyo ng kamanahang kultural ay isang higanteng gawain. Kinakailangan ng pagsasama-sama ng iba't ibang sektor panlipunan para maisagawa ito. Sa Pilipinas, ang mga pagkilos ay paisa-isa at kalat-kalat.

Ayon sa RA 10066 o National Cultural Heritage Act of 2009, ang built heritage ay tumutukoy sa *architectural and engineering structures, such as, but not limited to, bridges, government buildings, houses of ancestry, traditional dwellings, quartels, train stations, light houses, small ports, educational, technological, and industrial complexes, and their settings, and landscapes with notable historical and cultural significance.*

Dahil may pisikal na integridad, sumasailalim ang built heritage sa pagkaluma o obsolescence (na natutunan mo sa nakaraang modyul). Ang karaniwang salik ng panahon, paggamit, sakuna, at iba pa ay nakaaapekto sa preserbasyon ng nasasalat na kamanahang kultural.

**Gabay sa Assignment**

1. Basahin mo ang *Supporting Local Initiatives in Preserving Heritage Buildings in Iloilo City (Philippines) through Risk Assessment* (2013) nina Kirk Kennedy U. Yu, Andres Winston C. Oreta, Rhodella A. Ibabao, at Noel Hechanova.

Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:

a. Ano ang nilalaman ng ordinansang ipinasa ng sangguniang panlungsod ng Iloilo patungkol sa preserbasyon ng kamanahang kultural?

b. Tumutugon ba sa ordinansang ito ang renobasyong isinagawa sa mga gusaling matatagpuan sa Calle Real?

c. Bakit mahalagang magsagawa ng Risk Assessment sa heritage buildings?

d. Ano-ano ang mga bahagi ng Risk Assessment Framework ayon sa sanaysay?

2. Pagkumparahin mo ang karanasan ng Calle Real sa Iloilo ayon sa sanaysay na ito at Quiapo sa Manila ayon sa sanaysay ni Victor Venida na *Conflicts over Heritage: The Case of Quiapo* (2002) sa nakaraang modyul. Ano pagkakapareho ng dalawang lugar, at saan ng nagkaiba ang mga ito? Suriin mo sa lente ng preserbasyon ng kamanahang kultural.

1. Sumulat ka ng komparatibong analisis sa dalawang sanaysay sa #2. Bubuuin ito ng 2000 salita (max).Mag-log in ka sa VLE course ng ating klase. Isumite sa Assignment 1 ang iyong sanaysay.

**Format ng indibidwal na papel:** Arial Font, size 12, justified text, double spaced, pdf format

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

| **Rubrik ng Pagpupuntos (10pts):** | |
|---|---|
| Pagsunod sa batayang format | 2pts |
| Malinaw na paghahambing ng sanaysay | 3pts |
| Mainam na pagtalakay sa mga idea | 3pts |
| Malinaw at mahusay na paggamit ng wika | 2pts |

Tinalakay sa sanaysay ang mahalagang papel ng lokal na pamahalaan sa preserbasyon ng kamanahang kultural. Sa pamamagitan ng kanilang inisyatibo at ordinansa, napasimulan ang renobasyon sa mahahalagang gusali sa lungsod. Ganito rin ang papel na gagampanan ng nasyonal na pamahalaan, lalo sa mga lugar na idineklarang UNESCO World Heritage Site tulad ng Vigan at ang bahagi nitong Calle Crisologo.

| **Gabay sa Gawain** |
|---|
| Basahin mo ang *The Role of the National Government in the Preservation of the World Heritage Site of Crisologo Street Vigan Ilocos Sur Philippines* (2019) nina Carmina Dolor L. Estonanto, Jeanna Chelcea V. Javier, Patricia Ellice L. Centeno, Edelyne S. Laquindanum.<br><br>Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:<br>1. Ano- ano ang mga hakbang na isinagawa ng lokal na pamahalaan para sa preserbasyon at pagpapanatili (maintenance) ng Calle Crisologo?<br>2. Ano ang naging ambag ng mga pribadong mamamayan sa mga hakbang ng lokal na pamahalaan?<br>3. Ayon sa pahina 241 ng sanaysay, "*The flow and distribution of power…start(s) from the international to national level down to the local level*…" pero maari din kayang baligtarin ang flow na ito? Ibig sabihin, maari din kayang sa komunidad magmula ang kapangyarihan ng preserbasyon ng kamanahang kultural? |

Ayon sa sanaysay, ang tagumpay ng preserbasyon ng Calle Crisologo bilang bahagi ng idineklarang World Heritage Site ng Vigan ay nakikitang kulminasyon ng pagsasanib puwersa ng internasyonal, nasyonal, at lokal na ahensya. Kabilang din dito ang malawak at mulat na kamalayan ng komunidad na aktibong kabahagi sa tagumpay nito.

<u>Pagkilos tungo sa Preserbasyon/Konserbasyon</u>

Ang anumang asersyon at pagpapalagay tungkol sa pambansang identidad at pagkakakilanlan ay kailangang mag-ugat sa karanasang lokal. Bago balangkasin ang pambansa, mahalagang balikan ang estado ng lokal at ang pag-iingat nito sa sariling kasaysayan at kamanahang kultural. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagtatatag ng local studies centers sa iba't ibang bahagi ng bansa.

| **Gabay sa Gawain** |
|---|

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

| |
|---|
| 2. Basahin mo ang *Local studies centers: Transforming history, culture and heritage in the Philippines* (2012) nina Martin Julius Perez at Mariel Templanza.<br><br>Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:<br>a. Ano ang konsepto ng local studies centers?<br>b. Bakit mahalagang magkaroon ng local studies centers ang isang bayan?<br>c. Ano-ano ang mga katangian ng local studies centers na saklaw ng sanaysay?<br>3. Sa bahaging *Recommendations* ng sanaysay, pumili ka ng **<u>isa</u>** mula sa limang rekomendasyon at maglatag ka ng plano para sa isang local studies center sa iyong bayan. Ilatag ang iyong plano sa isang ulat.<br><br>4. Maghandang iulat ang iyong mga plano. |
| **Format ng Pangkatang Pag-uulat:** Powerpoint presentation, 10 slides max, 20 mins max. |
| **Rubrik ng Pagpupuntos para sa Pangkatang Pag-uulat:** (10pts): |
| Pagsunod sa batayang pamantayan ng gawain 1pt<br>Malinaw na paggamit ng wika 1pt |
| **Malikhaing presentasyon ng mga idea***:*<br>Kawili-wiling format ng pag-uulat 2pts<br>Malikhaing biswal na presentasyon 2pts |
| **Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag:**<br>Masusing pagtalakay mga impormasyon 2pts<br>Malinaw na paglalatag ng plano 2pts |

Tinalakay sa sanaysay ang mahalagang papel ng local studies centers na pag-iingat ng kaalaman at kagamitang may kaugnayan sa lokal na kasaysayan, at kamanahang kultural. Gayundin, nagsisilbing aklatan, museo at arkibo ang mga local studies centers tulad ng Mangyan Heritage Center at Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies.

Ayon sa sanaysay, ang mga local studies center ay kadalasang nakadepende at nilikha sa loob ng mga kolehiyo at unibersidad sa lungsod o probinsya. Dahil dito, natitiyak ang suportang pinansyal, lohistikal, at proyekto para sa local studies center. Gayunpaman, nangangailangan pa rin ang local studies centers na ito ng suporta mula sa pamahalaan at sa pribadong sektor.

<u>Pangwakas</u>

Ang pag-aaral sa preserbasyon at pagpapatuloy ng nasasalat na kamanahang kultural ay kinapapalooban ng mga estratehiya at estilo ng internasyonal, nasyonal, at lokal na ahensya. Kabilang din dito ang pagbabalangkas ng palising kultural at pagpaplanong panlungsod. Sa huli, mahalagang kaisa ang komunidad sa mga hakbang na ito.

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Ang local studies center ay isang mahalagang repositoryo ng ating kasaysayan at kaalamang bayan. Nagsisilbi itong lugar-imbakan at tagpuan na rin ng mga mananaliksik at interesado sa kamanahang kultural ng bansa.

Mga Sanggunian:

Estonanto, C. D. L., Javier, J. C. V., Centeno, P. E. L., & Laquindanum, E. S. (2019, March). The Role of the National Government in the Preservation of the World Heritage Site of Crisologo Street Vigan Ilocos Sur Philippines. In *International Symposium on Social Sciences, Education, and Humanities (ISSEH 2018)*. Atlantis Press. https://www.atlantis- press.com/proceedings/isseh-18/55915203

Yu, K. K., Oreta, A. W., Ibabao, R., & Hechanova, N. (2013). Supporting Local Initiatives in Preserving Heritage Buildings in Iloilo City (Philippines) through Risk Assessment. In *International Conference on Cultural Heritage and Disaster Risk Reduction*. https://www.researchgate.net/publication/267750583_Supporting_Local_Initiatives_in_Preser ving_Heritage_Buildings_In_Iloilo_City_Philippines_through_Risk_Assessment

Perez, M. J. V., & Templanza, M. R. (2012). Local studies centers: Transforming history, culture and heritage in the Philippines. *IFLA journal*, *38*(4), 297-309. https://www.ifla.org/past- wlic/2012/180-perez-en.pdf

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)